

JOBERT M. PACNIS

Si **JOBERT M. PACNIS**, 43 ay kasalukuyang nakatira sa Ammubuan, Ballesteros, 3516 CAGAYAN. Kasapi ng *GUMIL Filipinas, Inc.* (GUMIL Cagayan Chapter) o Asosasyon ng mga Manunulat na Ilokano sa Filipinas at sa ibang bansa. Nagsusulat ng sarita (maikling kuwento), salaysay (sanaysay), at daniw (tula) sa *Bannawag Magasin*. Nagkamit din ng ilang mga parangal sa pagsulat ng tula, kuwento, at salaysay sa Ilokano. Nasama ang ilang mga akda sa iba't ibang antolohiya at sa sariling aklat na *Isliping Teody Ken Dadduma Pay a Sarita* (Isliping Teody at Iba Pang Kuwento). May ilang mga tulang nailathala noon sa *Home Life Magazine* at *Liwayway*. Pinalad na nasama ang ilang tula sa aklat na *In Time Passing, There Are Things* na pinamatnugutan ni Sir Leoncio P. Deriada (+), Palanca Hall of Fame awardee.

Kasalukuyan nagtuturo ng Matematika sa Aparri West National High School, Brgy. Bulala Norte, Aparri, Cagayan. Si dating Judith M. Simon ang kabiyak at nabiyayaan ng tatlong anak, sina Jethro, Jiemil Anne, at Jaybert.

PANA(N)GRAMAN

Impaaruyotko ti maudi a tedted

Ti bugguong iti agburburek a banga ti pagilian—

Aglalang-ay dagiti naimuri, nail-ilgat, nanateng

Nga apges, araraw, saraaw ken kinamanagbibisin

Latta dagiti saan a mapitpitakan ngem agpispissuol

Dagiti bukodda nga agamang. Iti panangikiwar,

Aglalaok

A sayamusom ti nagalibungabong

Di masay-up ti kaay-ayo a banglo

Uray la nga agsanud ti dila iti damo a panangtaway:

Natamnay, nakatamtamnay, kas katamnay dagiti naraspan

A karayan

Wenno dagiti agmamayo a narabongan a kakawayanan.

Piniritko ti sangsangkapirit gayamen nga asin

In-inut nga iwarakiwakko iti mangrugin a maadaw

Nga ipasangok iti tagiuray a panaglalanglang

Ngem kaskasdi nga agsansanud ti dilak, kas panagsanud

Dagiti dalluyon ti baybay a makubkubkoban iti lansad

No apay a di latta aginana dagiti agbiahe a nangisit a balitok

Agdiasdiasporada,

Kas iti panagdiaspora ti tig-ab dagiti umili

Ken ti pagilian a pakaikarkarian latta nadumaduma

A maris

Ti masakbayan.

Saanak itan a nalaing a kosinero?
Nalab-ayen ti amin a pana(n)graman
Tunggal templaek a pagsasanguan
Ta agpatpatak man iti alintatao
Ti ad-adda pay a panaas ti buksit, agraas
Ti rikna iti kari a duapulo pisos ti sangakilo a bagas.

PAGTIKIM

Piniga ko ang huling patak
Ng bagoong sa kumukulong banga ng bayan—
Sama-sama ang mga nilinis, pinutol, binalatang
Hapdi, pagsusumamo, gutom at pagiging gahaman
Pa rin ng mga di napuputikan ngunit umaapaw
Ang sarili nilang imbakan. Sa paghalo,
Iba-ibang
Samyo ang umaalingasaw
Di maamoy ang tunay na bango
Umaatras pati ang dila sa unang pagtikim:
Matabang, napakatabang, sintabang ng mga niraspang
Ilog
O ng mga kakawayanang hinubaran ng mga labong.
Sinalat ko ang katiting na palang asin
Unti-unti kong itinimpla sa nagsisimula nang mahangong
Ihahanda sa hinihintay na piging
Ngunit gayon pa rin na umaatras ang dila, gaya ng pag-atras
Ng mga alon sa dagat na kinukutkot ang kailaliman
Kung bakit hindi pa rin namamahingang magbiyahe ang mga
itim na ginto
Nagdidiyaspora sila,
Gaya ng pagdidiyaspora sa dighay ng mga mamamayan
At ng bayan na pinapangakuan ng iba-ibang
Kulay
Ng kinabukasan.

Hindi na ba ako isang bihasang kusinero?
Matabang na lahat ang pagtikim
Sa bawat titimplahing pagsasaluhan
Pagkat tumatatak sa isip
Ang mas mahapding tiyan, kumukulo
Ang damdamin sa pangakong dalawampung piso
Ang isang kilong bigas.